1

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Lingguhang Aralin sa Makabansa

Kwarter 2

Linggo 1

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Lingguhang Aralin sa Makabansa 1**
**Kwarter 2: Linggo 1**

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong (02) 8634-1072 / 8631-6922 o pagpapadala ng email sa blr.od@deped.gov.ph.

Mula sa Kagawaran ng Edukasyon, isang taos pusong pasasalamat sa United States Agency for International Development and RTI International sa pamamagitan ng ABC+ Project at UNICEF sa pagsuporta at pagbibigay ng teknikal na tulong sa pagbuo ng MATATAG learning resources.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Sonny M. Anagara
Pangalawang Kalihim: Gina O.Gonong

**Bumuo sa Pagsusulat**

| | |
|---|---|
| **Writer:** | Nanelyn Bontoyan |
| **Content Editor:** | Cherry Gil J. Mendoza |
| **Mechanical Editor:** | Ellen Gelinsanga-Dela Cruz, Joyce Arce |
| **Illustrator:** | Marks D. Petran |
| **Layout Artist:** | Analyn T. Serrano |

**Management Team**

Bureau of Curriculum Development
Bureau of Learning Delivery
Bureau of Learning Resources

| MATATAG Kto10 Kurikulum Lingguhang Aralin | Paaralan: | | Baitang: | 1 |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | Makabansa |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | | Markahan: | 2 |

| | UNANG ARAW | IKALAWANG ARAW | IKATLONG ARAW | IKAAPAT NA ARAW |
|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | |
| *A. Pamantayang Pangnilalaman* | Nauunawaan ang mga bahaging ginagampanan at tungkulin bilang kasapi ng pamilya | | | |
| *B. Pamantayan sa Pagganap* | Nakagagawa ng likhang-sining na nagpapakita ng papel at tungkulin ng mga kasapi ng pamilya | | | |
| *C. Mga Kasanayang Pampagkatuto* | Naipaliliwanag ang konsepto ng pamilya batay sa bumubuo nito tulad ng two-parent, solo parent, extended family, at iba pa | | | |
| *D. Mga Layunin* | 1. Nakikilala ang mga tauhan sa kuwentong binasa<br>2. Natutukoy ang mga ginagampanan ng mga tauhan sa kuwento<br>3. Naiguguhit ang mga karakter sa binasang kuwento | 1. Nasasabi ang mga pangalan ng mga miyembro ng pamilya<br>2. Nailalarawan ang mga miyembro ng pamilya | 1. Natutukoy ang kahulugan ng pamilya<br>2. Nasasabi ang tungkulin ng pamilya | 1. Naiguguhit ang sariling pamilya<br>2. Naibabahagi ang iginuhit sa klase |
| **II. NILALAMAN/PAKSA** | Maikling Kuwento: Parang may Kapatid din Ako | Maikling Kuwento: Parang may Kapatid din Ako | Kahulugan at Tungkulin ng Pamilya | Pagguhit ng Sariling Pamilya |
| **III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| *A. Mga Sanggunian* | Modyul sa Araling Panlipunan, nakuha sa https://lrmds.deped.gov.ph/detail/22290<br>DR TAG Parang may kapatid din ako.pdf - Google Drive | Modyul sa Araling Panlipunan, nakuha sa https://lrmds.deped.gov.ph/detail/22290<br>DR TAG Parang may kapatid din ako.pdf - Google Drive | Modyul sa Araling Panlipunan, nakuha sa https://lrmds.deped.gov.ph/detail/22290 | Modyul sa Araling Panlipunan, nakuha sa https://lrmds.deped.gov.ph/detail/22290 |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *B. Iba pang Kagamitan* | yeso at pisara<br>mga larawan, ABC+ Decodable book | yeso at pisara<br>mga larawan | yeso at pisara<br>mga larawan | yeso at pisara<br>mga larawan |
| **IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| **Bago Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Panimulang Gawain* | Balik-Aral:<br>Sabihin: Noong nakaraang markahan, pinag-aralan natin ang inyong mga batayang impormasyon katulad ng pangalan, petsa ng kapanganakan, at tahanan.<br><br>Gawin: Hikayatin ang mga mag-aaral na magbahagi ng mga batayang impormasyon tungkol sa kanilang mga sarili. | Balik-Aral:<br>Sabihin: Babalikan natin ang binasang kuwento na pinamagatang "Parang may Kapatid din Ako."<br><br>Itanong:<br><br>1. Sino-sino ang tauhan sa kuwento?<br>2. Ilarawan ang pamilya ni Lito. | Balik-Aral:<br>Sabihin: Naaalala nyo pa ba ang ating talakayan tungkol sa pamilya? Ipakita sa buong klase ang dalang larawan ng pamilya at sagutin ang mga sumusunod na tanong. (Pumili lamang ng dalawang mag-aaral.)<br><br>1. Sino-sino ang mga miyembro ng pamilya na nasa larawan?<br>2. Ano ang ginagawa ng pamilya sa larawan? | Balik-Aral:<br>Itanong: Sino-sino ang bumubuo ng iyong pamilya? |
| *Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin* | Ilahad ang layunin ng aralin:<br><br>1. Nakikilala ang mga tauhan sa kuwentong binasa<br>2. Natutukoy ang mga ginagampanan ng mga tauhan sa kuwento | Ilahad ang layunin ng aralin:<br><br>1. Nasasabi ang mga pangalan ng mga miyembro ng pamilya<br>2. Nailalarawan ang miyembro ng pamilya | Ilahad ang layunin ng aralin:<br><br>1. Natutukoy ang kahulugan ng pamilya<br>2. Nasasabi ang tungkulin ng pamilya | Ilahad ang layunin ng aralin:<br><br>1. Naiguguhit ang sariling pamilya.<br>2. Naibabahagi ang iginuhit sa klase |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 3. Naiguguhit ang mga karakter sa binasang kuwento | | | |
| *Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto sa Aralin* | Hikayatin ang mga mag-aaral na magbahagi sa klase ng kanilang sagot sa mga sumusunod na tanong:<br><br>1. Sino ang mga kasama ninyo sa bahay?<br>2. Mayroon ba kayong mga kapatid? Sino-sino sila?<br>3. Ano-ano ang ginagawa ninyo kasama ang inyong pamilya? | Hikayatin ang mga mag-aaral na magbahagi ng kanilang sagot mula sa binasang kuwento noong nakaraang araw.<br><br>Itanong:<br>1. Mayroon bang kapatid si Lito?<br>2. Sino-sino ang kasama niya sa bahay?<br>3. Ano-ano ang paboritong gawain nina Lito kasama ang kanyang mga pinsan?<br>4. Ano ang inaabangan ni Lito na ginagawa ng kaniyang lolo at lola para sa kaniya? | Talakayin ang mga sumusunod na tanong sa mga mag-aaral:<br><br>1. Sino ang mga kasama ninyo sa bahay?<br>2. Sino ang naghahanapbuhay o nagtataguyod sa inyong pamilya?<br>3. Sino ang nag-aalaga sa inyo at sa mga kapatid kung mayroon? | Tumawag ng isa o dalawang boluntaryo upang magbahagi ng kanilang pinakamasayang alaala kasama ang kanilang pamilya. |
| | | | | |
| *Pagbasa sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* | Gawin: Isulat ang mga sumusunod na salita sa pisara at ipabasa sa mga mag-aaral:<br><br>pamilya<br>magulang<br>kapatid<br><br>Gawin: Maglagay din ng mga larawan ng mga sumusunod: | Sabihin: Kilalanin at ilarawan ang bawat miyembro ng pamilya ni Lito. | Gawin: Isulat muli ang mga sumusunod na salita sa pisara:<br><br>pamilya<br>magulang<br>kapatid<br>ate<br>kuya<br>bunso | Sabihin: Gamit ang kuwaderno, iguhit ang inyong pamilya. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 1. tatay<br>2. nanay<br>3. lolo at lola<br>4. pamilya na may isang anak<br><br>Itanong:<br>1. Sino-sino ang nakikita ninyo sa larawan?<br>2. Ano-ano ang mapapansin ninyo sa mga larawan? | | Gawin: Gamit ang mga larawang dala ng mga mag-aaral, kumuha ng 3 hanggang 5 larawan ng pamilya at idikit sa pisara. | |
| *Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* | Basahin ang kuwentong pinamagatang "Parang may Kapatid din Ako"<br><br>Isinulat ni Ailyn E. Capricho<br>Iginuhit ni Rujen J. Cainto<br><br>Sangunian: DR TAG Parang may kapatid din ako.pdf - Google Drive | Ipaliwanag na may mga pamilyang magkakasama sa loob ng tahanan kasama ang kanilang lolo, lola, tito, tita, at mga pinsan. | Hikayatin ang mga mag-aaral na ibahagi kung ano sa tingin nila ang kahulugan ng salitang "pamilya" batay sa sarili nilang mga karanasan at sa mga nakikita nilang mga larawan. | Tumawag ng mga boluntaryong mag-aaral na nais magbahagi ng kanilang iginuhit na larawan ng kanilang pamilya. |
| *Pagpapalalim ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* | Gawin: Hikayatin ang mga mag-aaral na sagutin ang mga sumusunod na tanong base sa kuwentong binasa:<br><br>1. Sino-sino ang mga tauhan sa kuwentong ating binasa?<br><br>2. Sino ang nag-iisang anak sa kuwentong napakinggan? | Gawin: Hikayatin ang mga mag-aaral na magbahagi ng ilang mga impormasyon tungkol sa kanilang mga pamilya katulad ng mga sumusunod:<br><br>1. Sino-sino ang kasama ninyo sa bahay?<br><br>2. Ilarawan ang mga miyembro ng pamilya na | Gawin: Hikayatin ang mga mag-aaral na talakayin ang mga sumusunod na tanong:<br><br>Ano-ano ang tungkulin ng bawat miyembro ng pamilya?<br><br>Tatay<br>Nanay<br>Ate<br>Kuya | Gawin: Talakayin sa mga mag-aaral ang kahalagahan ng pagkakaroon ng pamilya, kabilang ang pagtanggap sa kanilang pamilya magkakaiba man ang mga bumubuo rito. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 3. Bakit nasabi ni Lito na parang may kapatid na rin siya?<br><br>4. Kung ikaw si Lito, gugustuhin mo ba na magkaroon ng kapatid? Bakit?<br><br>5. Ano ang karaniwang nararamdaman ng magkakapatid kapag magkakasama sa bahay? | kasama ninyo sa inyong bahay.<br><br>Gawin: Talakayin na may pagkakaiba ang sitwasyon ng bawat pamilya, mayroong pamilya na sila sila lamang ang magkakasama at mayroon naming pamilya na kasama ang mga lolo at lola o tinatawang na extended na pamilya. | Bunso<br>Lolo<br>Lola<br><br>Tala sa Guro: Ang mga sagot ng mga mag-aaral ay maaaring magkaiba-iba batay sa kanilang konteksto.<br><br>Gawin: Talakayin na may pagkakaiba ang sitwasyon ng bawat pamilya at maging ang tungkulin ng bawat isa. Mayroong pamilya na ang nanay ang naghahanapbuhay at ang tatay ang naiiwan sa bahay. Mayroon ding pamilya na parehong naghahanapbuhay ang nanay at tatay. | |
| | | | | |
| *Paglalapat at Paglalahat* | Sabihin: Gamit ang kuwaderno, iguhit mo ang isa sa mga tauhan sa kuwento na nais mong iguhit. | Itanong:<br>1. Katulad din ba ng pamilya ni Lito ang pamilya ninyo? Kasama rin ba ninyo sa bahay ang inyong mga lolo, lola, at iba pang kamag-anak?<br>2. Paano mo maipakikita ang iyong pagpapasalamat sa pamilyang kinabibilangan mo? | Itanong:<br>1. Ano ang tungkulin ninyo sa inyong pamilya?<br>2. Paano mo lalong mapagbubuti ang pagganap sa tungkulin sa iyong pamilya? | Gawain: Ipagawa ang larong Sitting Game<br><br>Panuto: Magbibigay ang guro ng mga sitwasyon. Tatayo ang mga mag-aaral kung sa tingin nila ay lumalarawan ang sitwasyon sa kanilang sariling pamilya.<br><br>1. May mga kapatid na mas matanda |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | 2. May mga kapatid na mas bata<br>3. Parehas na nagtatrabaho ang mga magulang<br>4. May kasamang lolo o lola sa bahay<br>5. May kasamang tito o tita sa bahay |
| *Pagtataya ng Natutuhan* | Tumawag ng mga boluntaryong mag-aaral na nais magbahagi ng kanilang iginuhit na larawan gamit ang mga sumusunod na tanong:<br>1. Sino ang tauhan na iginuhit mo?<br>2. Bakit siya ang napili mong iguhit?<br>3. Ano-ano ang mga ginagampanan ng tauhan na iyong iginuhit sa kuwentong ating binasa? | Pasagutan sa mga mag-aaral ang Gawaing Pampagkatuto 1.<br><br>Sabihin:<br>Pagtambalin ang mga tauhan sa kuwento na nasa hanay A sa hanay B sa kanilang mga kapatid. | Sabihin:<br>Sagutan ang iyong Gawaing Pampagkatuto 2. | Ang partisipasyon ng mga mag-aaral sa laro ang magsisilbing pagtataya. |
| *Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)* | Gawin:<br>Pangkatin sa lima ang klase at ipasadula ang kadalasang ginagawa ng magkakapatid sa bahay. | Sabihin:<br>Magdala ng larawan ng iyong pamilya. | | |
| *Mga Tala* | Maaaring baguhin ng guro ang mga hinalimbawang larawan base sa konteksto ng kanyang mga mag-aaral. | May mga mag-aaral na hindi nakatira o kasama ang mga magulang sa kanilang tahanan. Pinapayuhan ang guro na maging sensitibo sa iba't | Pinapayuhan ang guro na maging sensitibo sa iba't ibang uri ng konteksto ng kanilang mga mag-aaral. | Pinapayuhan ang guro na maging sensitibo sa iba't ibang uri ng konteksto ng kanilang mga mag-aaral. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | ibang uri ng konteksto ng kanilang mga mag-aaral. | | |
| *Repleksiyon* | | | | |

Inihanda ni:

_______________________

Guro

Nirebyu ni:

_______________________

Master Teacher / Head Teacher

Pinagtibay ni:

_______________________

School Head